REBOLUSYONARYO A PAGIWARNAK TI UMILI ITI AMIANAN-LAUD A LUZON

# DANGADANG

Hulyo 2021 | Tawen 35 Bilang 5 | P10.00 | IPASA NO MABASA




# REAKSYUNARYONG PULIS, MILITAR AT PARAMILITAR – TAGAPAGTANGGOL NG ESTADO NG MGA MAPAGSAMANTALA'T MAPANG-API

"Lola binaril ng pulis!"

"Lalaking quarantine *violator* diumano, namatay dahil sa *pumping exercise* ng mga pulis!"

"Binatilyong nakaposas, binaril dahil nanlaban diumano!"

"Mga katutubong nagpoprotesta sa harap ng US Embassy, sinagasaan ng mga pulis!"

"Dalagitang Manobo na inakusahang NPA, ginahasa bago pinatay ng mga militar!"

"Siyam na magsasaka, patay sa SEMPO sa Negros!"

"Bigas hiling ng mga magsasaka, bala ang isinagot sa kanila!"

"AFP, tahimik sa isyu ng West Philippine Sea!"

"Mangingisda, pinatay ng *maritime coast guard*"

Hindi dumadaan ang araw na walang naibabalita kaugnay sa madugong karahasan ng mga militar, pulis at mga paramilitar tulad ng mga CAFGU, CPLA at iba pang itinatayong armadong pwersa ng estado laban sa mamamayan. Sa mga nabiktima at kapamilya nila, na dumanas ng walang kasing-lupit na kawalan ng hustisya, nagdulot ito ng matinding sikolohikal na *trauma*, hirap at perwisyo.

Ganito ang masaklap na katotohanan sa pinagdaanan ng kasaysayan ng Pilipinas mula pa sa panahon ng pagsakop ng mga dayuhang kapangyarihan. Walang dayuhang mananakop ang nakapanatili sa Pilipinas na hindi gumamit ng karahasan sa pagpapataw ng kanilang kolonyal na paghahari. Ginamit ng mga Kastila ang


March 25, 1899 - mga namatay na Pilipinong lumaban sa pananakop ng Amerikano sa Polo, Bulacan

mga Gwardya Sibil sa makahayop na pagtrato sa tinagurian nilang mga ‘indio’ na ginawang alipin ng mga kolonyalista. Sa pagitan ng 1903-1913, umaabot sa 1.5 milyon ng kabuuang 6 milyon na populasyon ng Pilipinas ang namatay dahil sa madugong pagsupil ng mga kolonyalistang Amerikano sa mga Pilipino. Sa Luzon pa lamang ay halos sangkanim na (1/6) o umaabot sa 600,000 katao ang namatay sa pagsakop ng mga Amerikano. Ilang milyong Pilipino ang binaril, binayoneta at ginahasa, kabilang ang mga bata, sa panahon ng paghahari ng imperyalismong Hapones noong Pangalawang Digmaang Pandaigdig.


mga Amerikanong Opisyales ng PC at mga Ifugao


REBOLUSYONARYO A DYARYO TI UMILI ITI AMIANAN-LAUD A LUZON

DANGADANG

Ang *Dangadang* ay rebolusyonaryong dyaryo sa Hilagang-Kanlurang Luzon sa patnubay ng **Partido Komunista ng Pilipinas**. Inihahayag dito ang mga balita sa mga aksyon ng Bagong Hukbong Bayan at pakikibaka ng mamamayan gayundin ang pagsusuri sa mga isyung kinakaharap ng mamamayan.

Bukas ang *Dangadang* sa anumang tanong, puna, mungkahi, koresponsal at pangkulturang likha upang mapaunlad ang nilalaman.


Pagtulungan nating paunlarin ang *Dangadang*. Ang sampung pisong halaga ng dyaryo ay malaking tulong upang suportahan ang pagpapatuloy ng paglabas nito.


Kasabay nito, ginamit nila ang patakarang “manghati upang maghari” – ang paggamit sa ibang Pilipino upang labanan ang mga kababayang Pilipino. Nailarawan ni Jose Rizal ito sa isang bahagi ng kanyang nobelang El Filibusterismo – ang pagkakapatay ng Pilipinong sundalo ng Espanya na si Tano/Carolino sa kanyang lolong si Tandang Selo habang hinahabol ang kanyang amang nagrebelde na si Matanglawin/Kabesang Tales. Mga narekrut na galing sa Pangasinan, Pampanga, Tarlac, Cagayan at iba pang katabing probinsya ang ginamit ng kolonyal na tropang Amerikano sa paghabol kay Emilio Aguinaldo sa Ilocos at Cordillera noong Marso 1900. Naidagdag pa rito ang mahigit 100 na taga-Cordillera at mestisong mga Ilokano-Igorot na narekrut bilang espiya at ahente, gayd


mga taga Ifugao na narekrut sa PC

at *native scouts*. Nang buuin ng kolonyalistang Amerikano ang Philippine Constabulary noong Hulyo 1901, binigyang-diin nila ang pagrerekrut mula sa mga probinsya ng Cordillera.

Mula pa noon, ang Cordillera ang isa sa mga tutok ng mga sunud-sunod na mga papet na rehimen bilang panggagalingan ng maraming rekrut para sa reaksyunaryong armadong pwersa nito. Nakaugnay ito sa layuning palambutin at wasakin ang tradisyon ng magiting na pakikipaglaban ng mga taga-Cordillera para sa lupa at kabuhayan. Kaya’t ginamit ang taktika ng pagpaparami ng rekrutment para sa militar at pulis mula sa mga tribu at komunidad sa




Cordillera upang ito ang gamitin sa paniniil at pandarahas sa mga kapwa taga-Cordillera at iba pang mahihirap sa ibang bahagi ng Pilipinas kung saan sila naitalaga.

Sa panahon ng batas militar ng diktadurang US-Marcos, isang buong kumpanya ng Presidential Guard Battalion ang nagmula sa Cordillera at ginamit laban sa pakikibaka ng mga Tinggian kontra sa Cellophil Resources Corporation (CRC). Noong 2015, ipinangalandakan ng 5th ID na 80% ng puersa nito ay nagmula sa mga probinsya ng Cordillera. Maliban pa dito, marami rin ang pumasok sa PNP at naitalaga sa Special Action Forces (SAF), na umabot sa 60% noong 2019. Sa 44 na puersa ng SAF na namatay sa pangyayari sa Mamasapano, Maguindanao noong Enero 2015, 14 sa mga ito ay nanggaling sa Cordillera. Dumarami rin ang mga estudyanteng kumukuha ng kursong Criminology sa mga kolehiyo sa rehiyon at maging sa labas ng rehiyon. Sa mga naitatalagang Community Support Program Teams (dating PDT) sa iba't ibang baryo sa Cordillera, karamihan sa mga itinatalagang tropa ay galing sa iba't ibang tribu ng Cordillera. Sa mga nakaraang panahon, ang mga tropa ng CPLA na kalauna'y na-*integrate* sa AFP at CAFGU ang ginamit bilang gwardya ng mga iba't ibang negosyo at proyekto tulad ng *illegal logging* at pang-aagaw ng lupa sa iba't ibang bahagi ng Cordillera at ng *bio-ethanol project* ng pamilyang Dy sa Isabela na mahigpit na tinutulan ng mamamayang Isabelino.

Kahirapan sa buhay at kawalan ng trabaho ang nagtutulak sa maraming kabataan na pumasok sa reaksyunaryong armado. Ngunit sa pagpasok nila sa AFP-PNP, hinuhulma ang kanilang mga kaisipan upang talikuran ang kanilang uring pinagmulan at maging tagapagtanggol ng mga naghaharing uri. Subalit may mga ilan pa rin naman sa hanay nila ang may taglay na diwang makabayan at pagmamalasakit sa kapwa mahirap.

Upang makapasok ang mas maraming mga kabataang galing sa pambansang minorya, ibinaba ang ibang rekisito ng pagpasok sa AFP at PNP tulad ng *height* at *academic requirement*. At upang makaengganyo ng maraming kabataan na marerekrut, higit na tinaasan ng rehimeng US-Duterte ang sweldo ng mga militar at pulis. Malayong mas mataas ang sweldo nila kaysa sa mga nagtatrabaho sa pangpublikong serbisyo tulad ng mga guro, nars, at iba pa. Ang mga aktibidad na kanilang isinasagawa tulad ng *Youth Leadership Seminar, Youth Camp*, *anti-drug seminars* sa mga eskwelahan at komunidad ay ginagamit para sa panlilinlang ng kaisipan ng mga kabataan na pumasok sa militar at pulis at upang mabuo ang kanilang kontra-rebolusyonaryong tindig. Ang mga grupong tulad ng Kabataan Kontra-Droga at Terorismo (KKDAT) ay kadalasang binubuo pagkatapos ng mga *seminar* na ibinibigay ng AFP at PNP sa mga hayskul at kolehiyo.

Ginagamit rin ang *scholarship* na panghikayat upang dumami ang mga kukuha ng kursong Criminology at pinupuwersa silang pumasok bi-




*CPLA - kontra-rebolusyonaryong pwersa*



mga kadete sa PMA

lang mga *intelligence assets* sa loob at labas ng mga unibersidad bilang rekisito upang maka-*graduate*. Umaabot sa ₱2 milyon ang apat na taong gastos ng gubyerno sa isang estudyante ng PMA kumpara sa isang estudyante sa pampublikong unibersidad na tulad ng University of the Philippines na mahigit ₱500,000 lamang.

Bilang dagdag na pwersa o *force multipliers* sa malawak na bahagi ng kanayunan, pagtatayo ng mga detatsment na pupuwestuhan ng mga marerekrut na CAFGU ang taktika ng estado. Pain sa kaisipan ng mga maanyayang marekrut ang napakaliit na alawans na umaabot lamang ng ₱4,500, sa pagdadahilang *"isu ka pay a panggatang ti asin ken asukar"* ("kita rin yon pambili ng asin at asukal") sabi ng iba. Ngunit ito ay kadalasang naaantala dahil kahit buwanan ay bawat *quarter* lamang ibinibigay o binabawasan pa ng mga kadreman nila. Ginagamit na pinagkakakitaan ng kadreman ng detatsment at iba pang mga opisyal ng militar ang alawans ng mga CAFGU sa pamamagitan ng pagta-*time deposit* at iba pang mga tiwaling iskema. Pangakong *separation pay* naman ang pinanghahawakan ng mga tumatandang CAFGU kaya kahit kandakuba na silang naglalakad upang pumunta sa mga detatsment ay pinipilit pa rin nilang mag-*duty*. Ngunit sa aktwal, iilan lamang ang nakatanggap nito. Sa maraming mga kaso, pananakot ang ginagamit ng militar sa mga lider-masa at pinagdududahang mga miyembro ng mga rebolusyonaryong organisasyon upang pilitin silang sumuko at maging CAFGU, tulad ng nangyari sa Bgy. Western Uma, Lubuagan, Kalinga noong 2016.

## Ang pinagsisilbihan ng armadong puersa ng estado

Pera at pabuya kapalit ng pagpapatupad ng mga kriminal na gawain – ito ba ang trabahong nais nating pasukin ng ating mga anak at kapatid?

Sa pagpasok sa armadong pwersa ng estado, nagsisilbi sila bilang tagapagtanggol ng pampulitika at pang-ekonomyang kapangyarihan ng mga imperyalista at lokal na naghaharing uri. Sa ngalan ng 'pambansang seguridad' na ang kahulugan ay ang kaligtasan ng paghahari ng mga ganid na nasa pwesto, nagsisilbi sila bilang protektor at bantay ng mga mapagsamantalang negosyo ng mga naghaharing uri at mapanirang proyekto ng gubyerno. Sila ang binabayaran upang magsilbi bilang *'private army'* ng mga korap na politiko at ng mga lokal at dayuhang mga kumpanya. Pinalaki rin ni Duterte ang kanilang sweldo upang masiguradong mahawakan niya sa leeg ang mga militar at pulis. Sila rin ang inuutusang maging protektor ng mga malalaking sindikato ng droga at mga smuggler, pakunwaring nagsasagawa ng mga *raid* upang makakumpiska ng *shabu*, *marijuana* at iba pang mga kontrabando na pinagkakakitaan din ng kanilang mga opisyal. Pinagkakakitaan ng mga pulis ang mga ordinaryong negosyante at mga sibilyan sa pamamagitan ng pangongotong.

Inuutusan silang tiktikan ang mga kababayan at kapamilyang pinagsususpetsahang 'kaaway




*Ninja Cop Col. Baloyo at ang kanyang mga padrinong sina Albayalde at Bato De la Rosa*

ng estado'. Sila ang inuutusan upang buwagin ang mga welga at protesta sa mga lungsod at kanayunan. Sila ang inuutusang mangbomba sa mga komunidad, bukid, pastulan at kaingin na nangwawasak sa buhay at kabuhayan ng mamamayan. Ipinapatupad nila ang militarisasyon upang bigyang-daan ang mga mapanirang proyekto at pang-aagaw ng mga panginoong maylupa sa lupa ng mga magsasaka. Sa ngalan ng "*anti-terorismo*" at dikta ng imperyalistang US, pinulbos ng militar ang syudad ng Marawi sa probinsya ng Lanao del Sur sa Mindanao noong 2017 sa pamamagitan ng matinding pambobomba. Ginamit itong dahilan upang ipataw ang Martial Law sa buong Mindanao. Nailantad rin noong 2019 ang katiwalian ng OPlan Tokhang ni Duterte, kung saan ay binibigyan ng premyong ₱8,000 ang mga pulis sa bawat *drug suspect* na kanilang mapapatay o mahuhuli. Sa ilalim ng OPlan Tokhang, umaabot na sa 30,000 na mga maliliit na *drug pusher* at gumagamit ng droga ang pinatay dahil sa mga operasyon ng pulis at ekstra-hudisyal na pagpatay habang protektado ang mga pinakamalalaking kakutsaba ni Duterte na mga *drug lord.* Ang iilang ipinakulong o pinatay na *drug lord* ay mga kakumpetensya ng negosyo sa drogang kontrolado ni Duterte.



*Pagkubkob sa Marawi*

Sa kasalukuyang panahon ng pandemyang Covid-19, utos ni Duterte ang kanilang sinusunod upang walang-habas na manghuli, magkulong o mamaril sa mga tinatawag na '*violators*' ng mga militaristang *protocol*. Sa mga nakaraang buwan lamang ay naging laman ng mga pahayagan at *social media* ang pamamaril ni M/Sgt. Hensie Zinampan sa lolang si Lilybeth Valdez sa Quezon City noong Mayo 31 at ang pagkamatay ni Darren Penaredondo sa Cavite noong unang linggo ng Abril dahil sa 300 beses na *pumping exercise/ push up* na pamamarusa ng mga pulis.

Libo-libo na ang nabibilang na mga aktibista, abogado, taong-simbahan, midya, mga nagtataguyod ng karapatang pantao, tagapagtanggol ng kalikasan at mga lehitimong oposisyon ang nire-*red tag*, tinatakot, kinakasuhan ng gawa-gawang kaso, hinuhuli, ikinukulong, tinotortyur, pwersahang pinapasuko, pinapatay o dinudukot at hindi na inililitaw. Maging ang mga inisyatibang tulad ng *community pantry* ay hindi pinapaligtas sa maduming pang-iintriga ng mga opisyal ng militar na tulad ni Gen. Parlade.




Mistulang asong ulol ang reaksyunaryong gubyerno sa pagsupil sa mamamayan ngunit sa kabilang banda ay tila maamong tupa naman pagdating sa usapin ng pananakop ng mga dayuhan tulad ng ginagawa ng China sa West Philippine Sea. Inutil ito sa pagtatanggol sa mga Pilipinong mangingisdang inaapi sa mismong soberanong teritoryo ng Pilipinas. Bahag ang buntot





at hindi makapanindigan ang rehimeng Duterte sa pagpupuwesto ng China ng daan-daang mga barkong pandigma sa saklaw ng teritoryo ng Pilipinas. Marami na rin sa hanay mismo ng AFP ang nadidiskuntento at nagagalit dahil sa garapalang pagbebenta ni Duterte sa soberanya ng Pilipinas ngunit hindi pa lantarang nagpapahayag ng tindig.

Nilulurayat binababoy ang katawan ng mga Pulang mandirigma ng BHB na napapatay nila sa panahon ng mga labanan. Ang mga nahuhuli ng buhay at mga sugatan ay pinapahirapan at pinapatay. Maging ang mga retirado at maysakit na mga Pulang mandirigma na tulad nina Julius 'Ka Nars' Giron, Alvin 'Ka Joaquin' Luque, Lolito 'Ka Lanlan' Raza, mag-asawang Agaton 'Ka Sibat' Topacio at Eugenia 'Ka Fiel' Magpantay, mag-asawang Antonio Cabanatan at Florenda Yap at marami pang iba ay naging biktima ng mga madudugong pagpatay na isinagawa ng mga tropa ng militar at pulis. At maging ang doktor na kanilang tagapangalaga tulad ni Dra. Lourdes 'Ka Mori' Tangco ay kasama rin sa mga pinatay.

Ang mga wala nang kakayahang lumaban o tinatawag na *hors de combat* ay tahasang pinapatay. Pinugutan ng ulo ng PC-INP upang gawing *target board* ang mga kasama sa Bakun, Benguet na sina Fr. Nilo 'Ka Bobot' Valerio, Soledad 'Ka Gina' Salvador at Resteta 'Ka Senyang' Fernandez noong 1985. Pinahirapan at sinunog ng buhay sina Ka Macliing at Ka Dante sa Taleb, Bgy. Tabacda, Tubo, Abra noong 1993. Habang nasa ospital at naghihingalo dahil sa mga tinamong sugat pagkatapos ng labanan sa Sityo Kumyaas, Bgy. Dao-angan, Balbalan, Kalinga noong Enero 1997 ay ininteroga pa ng mga militar si Felix 'Ka Marcial' Daggay hanggang sa namatay. Tinortyur ng PNP sa harap ng masa hanggang pinatay sina Brandon 'Ka Tub-on' Ginaban at Antonio 'Ka Leyap' Licawen na nagpapagaling noon ng pilay nya sa Buguias, Benguet noong 2005. Binidyo habang ginagahasa ng mga militar ang sugatang si Kasamang Erika Salang bago pinatay noong 2006 sa Bicol.

Ang pagpatay ng mga tropa ni Lt. Adalem kay Macliing Dulag sa bahay nito sa Bgy. Bugnay, Tinglayan, Kalinga noong Abril 24, 1980 ay bahagi ng tangkang takutin ang mamamayang Kalinga at Bontoc na matapang na lumalaban kontra sa Chico Dam noong panahon ng diktadurang US-Marcos. Pang-aagaw ng kapangyarihang sibilyan upang ipwesto ang paghaharing militar na kinakatawan ni Capt. Alfredo Cuyupan ang ipinataw naman sa mga munisipyo ng Malibcong at Tineg sa tangkang patahimikin ang naglalagablab na laban ng mamamayang Tinggian laban sa *logging concession* ng Cellophil Resources Corporation. Nagresulta ito sa maraming karahasang tulad ng Beew Massacre sa Tubo noong 1985 na ginawa ng mga tropa ng PC-INP sa pamumuno ni Major Berido. Dinanas ng maraming mamamayan sa Marag Valley, Paco Valley, at mga barangay ng Conner sa probinsya ng Apayao ang matinding pambobomba





*welga ng mga manggagawa at mga kapamilya nila na binuwag ng PNP sa Lepanto noong 2005*

ng AFP, gutom, sakit at pwersadong pagpapabakwit nang ideklara ng rehimeng US-Cory Aquino ang mga eryang ito bilang *'no man's land'* noong unang bahagi ng 1990s, sa layuning muling maibalik ang operasyon ng mga malalaking kumpanya ng *logging* na ipinatigil ng rebolusyonaryong kilusan.

Interes ng mga burgesya komprador na nagmamay-ari ng Lepanto Consolidated Mining Corporation ang pinoprotektahan ng mga tropa ng PNP nang marahas nilang binuwag ang barikada ng mga nagwewelgang minero at kanilang mga pamilya sa nasabing kumpanya na humihiling ng makataru-ngang sweldo at makataong kalagayan sa trabaho sa Mankayan, Benguet noong 2005. Gayundin ang ilang beses na pagbuwag ng PNP at CAFGU sa barikada ng mga magsasakang tumututol sa pagtatayo ng *tailings dam* sa Bgy. Colalo, Mankayan noong 1991. Ilang beses na dinahas ng PNP ang barikada ng mga mamamayan ng mga barangay ng Tabio, Balili at Bulalacao sa Mankayan na tumututol sa planong ekspansyon ng Lepanto noong 2003 at muli noong 2016.

Ang pagdedeploy ng mga tropa ng AFP na tulad ng 50th IB at 81st IB sa Ilocos Sur at Ilocos Norte ay upang magsilbing pwersang pangdepensa sa mga malalaking negosyong tulad ng minahan ng *magnetite* sa baybayin ng Ilocos at mga kumpanya ng tabako tulad ng Philip Morris-Fortune Tobacco Corporation. Ang pagtatayo ng detatsment sa Bgy. Balidbid, Salcedo, Ilocos Sur noong 2018 at ang mga tuloy-tuloy na mga operasyong kombat at saywar ay nakaugnay sa planong itatayong dam sa nasabing munisipyo na magiting na nilabanan ng mga mamamayan ng Salcedo, Del Pilar, Santa Lucia at Sta. Cruz.

Nagtayo rin ang 50th IB ng detatsment at *military checkpoint* sa *project site* ng Chico River Pump Irrigation Project sa Bgy. Pinucoc, Pinukpuk, Kalinga noong 2019 upang bantayan ang pagtatayo ng nasabing proyektong pinondohan ng China. Panggigipit naman sa paglaban ng mamamayan kontra sa itinatayong *geothermal project* sa saklaw ng mga munisipyo ng Pasil, Lubuagan at Tinglayan sa Kalinga ang nasa likod ng pagsalakay ng pinagsanib na pwersa ng militar at pulis sa tatlong barangay ng tribung Uma sa Lubuagan noong Oktubre 25, 2020 na nagresulta sa pagkakahuli ng lider-masang si Beatrice 'Manang Betty' Belen. Hanggang ngayon ay nakatalaga pa rin ang Retooled Community Support Program (RCSP) sa tatlong barangay ng Uma at iba pang katabing barangay para tiyaking mapatahimik ang anumang opo-sisyon laban sa itinatayong *geothermal power plant*. Paniniktik at pagbabanta sa lumalakas na kilusang masa sa Kabugao laban sa planong itayong Gened Dam sa Apayao ang layunin ng pagdating ng ilang trak na sakay ang mga tropa ng militar habang ginaganap ang asembleya ng ma-



*binuwag ng mga PNP ang welga ng mga manggagawa at kapamilya nila sa Lepanto noong 2005*

## MGA PINAKAHULING PAGLABAG NG REHIMENG DUTERTE SA KARAPATANG TAO

(Enero-Disyembre 2020)

| BILANG NG BIKTIMA | TIPO NG PAGLABAG |
|---|---|
| **20,898** | Pagbabakwit |
| **15,947** | Blokeyo sa pagkain at ekonomya |
| **3 537** | Pagbabanta, panggigipit, intimidasyon |
| **1,431** | Restriksyon sa *curfew* |
| **761** | Pagaresto at detensyon |
| **87** | Pampulitikang pagpatay |
| **150** | Restriksyon sa aksyon masa |
| **24** | Tortyur |
| **11** | Paglabag sa karapatan ng *hors de combat* |
| **36** | Tangkang pagpatay |
| **124** | Iligal na pagrikisa at pagkumpiska |

mamayan noong Abril 7, 2021 at ang paglabas-pasok ng mga tropa ng militar sa Kabugao.

Hindi kailanman mabubura sa kaisipan ng mamamayan ang madugo at mabahong rekord ng mga militar at pulis.

Dalawang kabataan ang pinatay ng mga tropa ng 50th IB sa mismong pampublikong pamilihan ng Sagada, Mountain Province noong 1988. Tropa ng 54th IB na pinamunuan ni Lt. Edward Sia-ed ang pumatay sa magsasakang si Etfew Chadyaas sa Bgy. Belwang, Sadanga, Mountain Province noong Agosto 4, 2003. Si Eric Lomboy, isa ring magsasaka sa Bgy. Tablac, Candon City, Ilocos Sur ay pinatay ni Lt. Machete ng 50th IB noong Hulyo 16, 2004. Tinortyur hanggang pinatay ng mga tropa ng 21st IB na pinamunuan ni 2Lt. Arvin Encinas ang magsasakang si Robert 'Ambalnog' Sabado sa kalapaw (kubo) nito sa Gammalan, Bgy. Gawaan, Balbalan, Kalinga noong Agosto 2006. Taong 2007 nang ginahasa ni Capt. Danilo Lalin ng 86th IB ang isang dalagita sa Bgy. Colalo, Mankayan, Benguet. Mga pwersa naman ng 41st IB ang naglibing ng buhay sa tatlong miyembro ng pamilyang Ligiw sa Sitio Sucao, Bgy. Domenglay, Licuan-Baay, Abra noong Pebrero 2014. Tauhan naman ng 54th IB si Cpl. Tamang na nanggahasa sa isang 15-anyos na dalagita sa Tinoc, Ifugao noong 2018. Tatlong kabataang nangingisda sa ilog ang biglaang pinaputokan ng mga kasapi ng 24th IB sa Bgy. Lan-ag, Lacub, Abra noong Pebrero 2020.

Ito ba ang gawain ng mga tinatawag na tagapagpatupad ng batas at nangangalaga sa kaayusan at kapayapaan? Maliwanag kung gayon na ang batas na ipinapatupad ng mga tinatawag na awtoridad na ito ay hindi nagsisilbi sa kapakanan ng mamamayan kundi ito mismo ang pumapatay sa mamamayan.

Ito ba ang gusto nating tunguhin ng mga anak, kapatid at kababayan natin? Ang maging berdugo na utusang naniniktik, mananakot, mangbubul-



yaw, nanunutok ng baril, naghuhulog ng bomba, nanggagahasa at pumapatay sa mga katulad nating magsasaka at iba pang mamamayan kapalit ng pera? Ang maging pambala sa kanyon ng isang marumi at di makatarungang digmaan ng mga nagsasamantala't nang-aapi? Tumanggap ng sweldong namantsahan ng dugo ng mga katulad nating naghihirap, pinagsasamantalahan at inaapi? Gamitin laban sa atin ang buwis na ating binabayaran na pinanggagalingan ng sweldo nila? Maging tagapagpatupad ng mga batas at programa ng mga naghaharing uri? Ma-ging tagabantay ng mga programa at proyektong wawasak sa ating mga komunidad, kabukiran at kabuhayan?

## Ang paghubog sa marahas na kaisipan sa loob ng AFP-PNP at paramilitar




Mula sa pagsasanay hanggang sa aktwal na pagsasabak sa mga operasyon, naipadron ang mga manwal ng AFP-PNP sa dikta at kontrol ng imperyalismong US. May mga heneral ang AFP-PNP na nag-aral din sa United States Mi-litary Academy sa West Point, Virginia, at iba pang pangmilitar na eskwelahan ng US upang siguraduhin ang paghuhulma ng kanilang maka-imperyalista at kontra-komunistang kaisipan. Sinisigurado ng Joint US Military Advisory Group (JUSMAG) na maituturo sa mga sundalo at pulis na Pilipino ang lahat ng pamamaraan sa pandarahas – mula sa kondukta ng *intelligence* at *combat operations,* 'nyutralisasyon' sa mga target (na ang tunay na kahulugan ay pagtotortyur at pagpatay), at operasyong saywar.

Itinuturo sa kanila na ang lahat ng itinuturing na kaaway ng reaksyunaryong gubyerno ay kailangang patahimikin – takutin, kasuhan, ikulong hanggang inyutralisa o patayin, maging ito'y kadugo man. Ang mga sinasabing 'kaaway ng estado' ay ang mga banta sa kanilang paghahari tulad ng mga manggagawang humihiling ng makatarungang sahod, mga magsasakang inaagawan ng lupa at naghahangad ng tunay na reporma sa lupa, at iba pang mga sektor na naggigiit ng kanilang mga karapatan at kapakanan.

Ikinikintal sa isipan ng bawat pwersa ng AFP-PNP na maaaring mangbomba, manghuli, mangtortyur, bumaril o pumatay at mangdukot ng walang pananagutan sa batas dahil ang pinoprotektahan ay ang 'kapayapaan' diumano. Itinuturo rin na maaari silang mangibabaw sa awtoridad na sibilyan tulad ng mga Local Government Units dahil sila daw ang 'tagapagtanggol ng republika'.

Ang mga mamamayang naggigiit ng kanilang karapatan at mga naninindigan para sa tunay na kasarinlan ay binabansagang panggulo at terorista dahil hadlang diumano ang mga ito sa pag-unlad – na ang ibig sabihin ay naiistorbo ang pagtakbo ng mga mapagsamantala't mapanirang mga negosyo ng mga naghaharing uring kanilang binabantayan. Ang marahas at puno ng abusong pagsasanay ay paghahanda sa kanila para ipatupad ang ganitong mga karahasan at abuso sa mamamayan kapag naisabak na sila sa mga operasyon.

Mahaba na ang listahan ng PMA at PNPA sa pang-aabuso sa mga kadete. Naging tradisyon na ang *hazing* at pisikal-sikolohikal na pagpapahirap para hubugin ang pasistang kaisipan at ang bulag na pagsunod sa kautusan. Naging kalakaran ang



*dating Maj. Gen. Jovito Palparan*

pang-aapi ng mga *upperclassmen* o mga kadeteng nasa mataas na antas sa mga bagong kadete o tinatawag na plebo, at ang malalang pisikal na pang-aabuso sa *training*. Pana-panahong pumuputok sa midya ang mga kaso ng pisikal na pag-abuso sa loob ng PMA at PNPA laluna kung may namamatay na kadete tulad ni Cadet 4th Class Darwin Dormitorio noong Setyembre 2019. Karamihan sa mga kadete ay tumatahimik na lamang dahil sa takot at ang naimamarkang paniniwala sa kanila na karangalan ang makadaan sa apat na taon ng karahasan. Ang mga hindi makatiis ay umaalis na lamang sa PMA at PNPA, tulad ni dating 4th Class Cadet Justin Dagdag na umalis noong 2017 sa PMA dahil sa kanyang mga naranasang pang-aabuso ng kanilang *upperclassmen*.

Sa isang *video* ng pagsasanay sa loob ng baraks ng 5th ID sa Gamu, Isabela na lumaganap sa *internet* noong 2012, naipakita ang matinding pisikal at sikolohikal na karahasan na dinanas ng mga *trainees*. Sa nasabing *video*, tuloy-tuloy na malakas na pinapalo ng mga *trainors* ang kanilang mga sinasanay sa buong katawan habang sumisigaw ang mga ito dahil sa matinding sakit. Sa ibang mga pagsasanay, paglulub-lob sa tubig at iba pang di makataong pag-papahirap ang ginagawa sa mga *trainees*. Ang mga pagsasanay na ito ay nakadisenyo upang maging mabangis ang bawat elemento ng AFP-PNP sa sinumang itinuturing na kalaban ng reaksyunaryong estado o lumalabag sa batas. Noong Disyembre 2020 ay naging kontrobersiyal ang pamamaril ni Sgt. Jonel Nuezca sa kanyang kapitbahay na mag-ina sa Paniqui, Tarlac dahil lamang sa isang simpleng alitan nilang magkakapitbahay.

Pinupuri at ipinagmamalaki ang mga berdugong opisyal na gaya ni Maj. Gen. Jovito Palparan. Saan man siya nadestino ay maraming pinaslang, tinortyur at dinukot na mga masa at mga aktibista – sa Cordillera, Central Luzon, Southern Tagalog at Eastern Visayas. Si Col. Rodolfo Aguinaldo na kilalang berdugo ng Cagayan at Apayao noong panahon ng diktadurang US-




*hustisya para sa mga naging biktima ng berdugong si Palparan*



Maj. Arvin Encinas

## Pagsasanay at papel ng mga CAFGU sa pagpapanatili ng bulok na sistema

Sa pagsasanay sa mga paramilitar na tulad ng mga CAFGU, dinidiinan kung paano sila umasta at mag-isip na tulad ng mga militar. Kaya upang maihulma ang kanilang pasista at walang-awang kaisipan, ipinapadaan din sila sa marahas na pagsasanay, mapang-aping trato at matinding pagpapahirap. Itinuturo din sa kanila ang bulag na pagsunod sa kumand. Sa kanilang mga pag-aaral, lahat ng mamamayang lumalaban para sa kanilang karapatan at kapakanan na kontra sa layunin ng reaksyunaryong gubyernong ipatu-

Marcos ay naging gubernador pa at *congressman* sa loob ng ilang taon. Ang mamamatay taong si 2nd Lt. Arvin Encinas ay na-*promote* pa bilang Major at naging tagapagsalita pa ng 6ID sa Mindanao sa isang panahon. Ganunding ang manggagahasang si Captain Lalin ay inilipat lamang sa *headquarters* ng 5th ID at na-*promote* din makaraan ang ilang panahon.

Sa kabilang banda, marami sa mga pwersa ng AFP-PNP ang napapaulat na nagkakaroon ng problema sa pag-iisip dahil sa di makataong pagtrato ng kanilang mga opisyal, *combat stress* at pagkakakonsensiya sa mga ipinapagawa sa ka-nilang mga kahayupan sa mamamayan. Ang iba sa kanila ay nagpapakamatay o naghuhuramentado, tulad ng ginawa ni Police Executive Master Sergeant Reynaldo Dipasupil noong Hunyo 27, 2021 na naglasing at nagpaputok at binaril ang dalawang kasamahang pulis sa loob ng kanilang istasyon sa Manila pagkatapos ng kanilang operasyon. Pinagalitan diumano ng kanilang opisyal ang nasabing sarhento dahil hindi nag-*remit* ng nakuhang kotong o nakikil na pera. May isa ring pulis sa Banaue, Ifugao ang pumatay sa kanyang dalawang mga kasamahan noong 2019 dahil lamang natalo sa kanilang larong bunong-hinlalaki o *thumb-wrestling*.


Col. Rodolfo Aguinaldo

pad na programa o proyekto ay kaaway ng estado. Baluktot at puno ng kasinungalingang mga konsepto ang itinuturo, kung saan ang turing sa mga naggigiit sa kanilang karapatan o tumitindig para sa katotohanan ay masama o iniimpluwensyahan ng mga komunista. Kahit mga lehitimong reklamo ay itinuturing na kasalanan laban sa estado. Kaya pagkatapos ng *training* at ang mga naituro sa mga CAFGU ay nagiging hambog sila sa mamamayan laluna kapag nabibigyan na sila ng baril. Sila ay nagiging mga armadong maton at siga sa loob ng mga baryo. Kung may mga pumapasok na kontra-mamamayang proyekto o programa sa saklaw nilang lugar tulad ng malalaking minahan, dam, plantasyon, malawakang pagtotroso, at iba pa, sila ang agarang kinukuha upang makatulong ng mga militar sa pagababantay sa mga ito. Sa kabilang banda, marami ring mga napilitang pumasok bilang CAFGU ng labag sa kanilang kalooban dahil sa matinding pananakot at presyur sa kanila. Pinakamatindi ang naranasang pananakot at presyur sa mamamayan sa mga lugar na malalakas ang mga kilusang masa.

Karamihang karanasan na kung may mga nagka-CAFGU sa isang lugar, umuusbong ang mga pangamba at pagdudahan sa hanay ng mga residente dahil sa pagpapatupad ng mga ito sa pangmilitar na utos ng kanilang mga kumander. May mga sagadsarin at aktibong sumusunod sa mga utos at mayroon namang napipilitan lamang at nananahimik. Sila ang nagmamanman sa kilos ng mga kababaryo at nagbabanta sa mga kapamilya ng mga kasapi ng BHB. Sila ang nananakot sa mga kilalang aktibista at lider-masa. Ganito ang *peace and order* na gusto ng reaksyunaryong gubyernong mangyari sa mga bayan – magkakaalitan at nag-aalangan sa bawat isa ang mga magkababaryo upang hindi mabuo ang kanilang organisadong lakas na lumaban sa mga ugat ng kahirapan at banta sa lupain at kabuhayan nila.

Sa mga tribung malakas pa ang kaugalian na pakiki-bodong sa ibang mga tribu, ginagamit ang mga CAFGU na nanggaling sa ibang tribu upang samantalahin ang relasyong kabodong sa panlilinlang sa mga baryo. Binabaluktot nila ang mga katutubong kulturang tulad ng bodong upang pilit na ipatanggap ang presensya ng militar, pagtakpan ang pasistang katangian nito at pigilan ang pagpoprotesta ng mamamayan. Itinalaga ang mga pwersa ng CPLA *integrees* na pinamunuan ni Lt. Benito Anongos sa iba't ibang mga barangay sa mga munisipyo ng Balbalan sa Kalinga, Sadanga sa Mountain Province, Tubo at Boliney sa Abra noong 2010-2012 upang pwersahang ipatanggap sa mga mamamayan ang mga Peace and Development Team (PDT) *operations* gamit ang pambabaluktot sa konsepto at praktika ng bodong para sa layuning kontra-insurhensiya.



Pinanggagalingan ng gulo at di pagkakaunawaan ang mismong presensya at gawain ng mga CAFGU at militar. Kadalasang kapag nalalasing o nagaaway-away ang mga CAFGU at militar sa loob ng detatsment ay kasunod nang maririnig ang pagpapaputok nila ng isyu nilang baril. Pebrero 2018 nang binaril ng mga kasapi ng 77th IB ang mag-amang CAFGU habang nag-iigib ng tubig sa Bgy. Sacpil, Conner, Apayao dahil diumano sa maling pag-aakalang kaaway nila ang mga ito. Setyembre 2019 nang nabalita ang pagbabarilan ng dalawang CAFGU sa Bgy. Maguyepyep, Sallapadan, Abra dahil sa pag-aagawan sa ulam na kuhol. Hulyo 2020 naman nang mapatay sa pagtaga ng mismong kapatid ang CAFGU na si Elorde Taway sa Bgy. Mabaca, Balbalan bilang pagdepensa sa kanilang amang sinipa-sipa ng nasabing CAFGU dahil lamang sa kahoy na dadalhin sana nito sa detatsment pero sinibak naman ng ama.




Ang mga CAFGU ang bantay at utusan ng mga regular na Army, at naggagayd kung may operasyon. Sa pangunguna ng mga militar, kasama sila sa mga anti-sosyal na gawing tulad ng sugal, pagnanakaw, paglalasing, at pagsasamantala sa mga kababaihan. Nilalason nila ang kaisipan ng mga kabataan sa pagpapanood ng mga malalaswang pelikula sa loob ng kanilang detatsment. Hindi lihim sa mga residente sa maraming lugar na natayuan ng detatsment na ang mga militar at CAFGU rin ang nagpapasok ng droga sa loob ng baryo.




Sa ilan pang kaso, ginagamit pa ang mga CAFGU sa pekeng *surrender campaign* sa ilalim ng programang E-CLIP sa pagpiprisinta sa kanila bilang mga 'NPA o milisyang bayan *surrenderees*.' Isang halimbawa nito ay ang pagpiprisinta sa midya ng dalawang CAFGU mula sa Bgy. Allaguia, Pinukpuk, Kalinga bilang 'sumukong mga NPA' noong 2019.

Pabago-bago man ang pangalan sa pagdaan ng panahon – CHDF, CAFGU, *Special* CAFGU *Active Auxiliary* (SCAA) at iba pa, kasama na rito ang CPLA *integrees*, hindi magbabago ang kanilang katangiang bulok sa kaibuturan bilang bahagi ng armadong pwersa ng reaksyunaryong estado.

## Ang tunay na hukbo ng mamamayan – ang BHB



mga NPA na nagbubunot ng ngipen

Salungat sa gawain ng AFP, hindi itinututok ng BHB ang baril nito sa mamamayan kundi sa mga mapagsamantala at mapang-aping mga uri at kanilang mga galamay. Buong-pusong pagsisilbi sa mamamayan ang pangunahing nasa kaisipan ng bawat kasapi ng BHB sa araw-araw na pagkilos na walang inaasahang kapalit o gantimpala. Kaiba ito sa AFP-PNP-CAFGU na mistulang mga linta na pinapasuweldo ng mamamayan. Ang BHB ay hindi lamang isang pwersang panlaban kundi ito rin ay pwersang pampulitika, pangkultura, at pangproduksyon. Gumagampan ito ng trabahong propaganda, edukasyon, pag-oorganisa, medikal, at tagapagtanggol rin ng kalikasan. Tagapagpatupad rin ito ng mga rebolusyonaryong batas at nagpapairal ng kaayusan at kapayapaan *(peace and order)* sa saklaw ng mga lokal na rebolusyonaryong gubyerno. Nauunawaan ng bawat kasapi na ang layunin ng BHB ay wasakin ang sistemang pinaghaharian ng mga mapagsamantala at mapang-api upang maitayo ang isang tunay na malaya at demokratikong lipunan. Kaya kailangang mapakilos at mapalaya ang lahat ng naghihirap, pinagsasamantalahan at inaaping mamamayan. Demokratikong rebolusyong bayan ang inilulunsad upang palayain ang uring magsasaka, ang bumubuo ng mayorya ng mamamayang Pilipino, mula sa pyudal at malapyudal na pagsasamantala. Kasabay na nilalabanan ang pang-aagaw ng lupa gayundin ang imperyalistang dominasyon sa agrikultura.





Kailangang maputol ang dominasyon ng mga imperyalista, mawasak ang kasakiman at karahasan ng mga panginoong maylupa, burgesya kumprador at burukrata kapitalista na dahilan ng paghihirap at pagdurusa ng malawak na mamamayan.

Umiiral ang demokrasya sa loob ng BHB at sa relasyon sa pagitan ng BHB at ng masa. Mulat ang bawat isa na pumaloob sa disiplina na hindi



ipinipilit, malaya at hindi lumalabag sa interes ng malawak na masa. Kabaligtaran ito ng marahas na pagsasanay at bulag na pagpapatupad sa utos ng kumander na ipinapatupad sa AFP-PNP. Patas ang kalagayan ng mga opisyal at Pulang mandirigma sa usapin ng pulitika, ekonomya at militar. Malaya ang mga talakayan at partisipasyon ng bawat isa sa mga pagtatasa, pagpaplano at aktwal na implementasyon ng mga trabahong pampulitika, pang-ekonomya at pangmilitar. Mahigpit ang pagkakaisa ng mga opisyal at Pulang mandirigma sa pagpapatupad ng mga atas. Magkasama ang mga opisyal at mandirigma sa anumang trabaho, sa hirap at sakripisyo sa pagsusulong ng buhay-at-kamatayang pakikibaka. Mahigpit na ipinagbabawal ang burges-pyudal na trato tulad ng pambubulyaw, pisikal na pang-aabuso, pagtutok ng baril at pambubugbog. Iginagalang at itinataguyod ang karapatan ng mga kababaihan at mga may piniling kasarian. Ang mga pagkakaiba sa opinyon o hindi pagkakaunawaan ay nilulutas sa pamamagitan ng prinsipyadong tunggalian upang marating ang pagkakaisa at punahan.

Batayang sinusunod ng lahat ng kasapi ng BHB ang tinatawag na Tatlong Alituntunin sa Disiplina at Walong Bagay na Dapat Tandaan o 3-8 Disiplina. Ito ang unang-unang ipinauunawa sa mga bagong sampa sa BHB upang magsilbi bilang gabay sa araw-araw na pagkilos bilang rebolusyonaryo. Kasabay ito ng mga gawaing pang-ideolohiya at pampulitika sa pamamagitan ng mga pag-aaral sa rebolusyonaryong teorya at praktika, pagpuna sa sariling mga kahinaan at pagkakamali, paghalaw ng mga aral mula sa sariling karanasan upang tuloy-tuloy na maitaas ang kanilang pampulitikang kamulatan. Mahigpit na pinupuna at pinapatawan ng karampatang aksyong pandisiplina ang mga nakakagawa ng paglabag sa 3-8 disiplina ayon sa bigat ng kanilang nagawang paglabag.

Malapit at minamahal ng masa ang BHB dahil

## 3-8 Disiplina

**3 pangunahing alituntunin ng disiplina**

1. Sumunod sa mga atas sa lahat ng ikinikilos
2. Huwag kumuha ng kahit isang kaputol na sinulid sa masa
3. Ibigay ang lahat ng bagay na nasamsam sa kinauukulang pamunuan

**8 bagay na dapat tandaan**

1. Maging magalang sa pananalita
2. Bayaran nang husto ang lahat ng binili
3. Isauli ang lahat ng hiniram
4. Huwag saktan o murahin ang mga mamamayan
5. Bayaran ang lahat ng nasira
6. Huwag manira ng mga pananim
7. Huwag pagsamantalahan ang mga babae
8. Huwag pagmalupitan ang mga binihag

| PAGKAKAIBA NG AFP AT NPA | | |
|---|---|---|
| | **AFP** | **BHB** |
| **Katangian** | Hukbo ng mga naghaharing uri - reaksyunaryo, papet, pasista, bulok | Rebolusyonaryong hukbo na naglilingkod sa sambayanan, disiplinado, makamasa |
| | Kinasusuklaman ng mamamayan - may mahabang rekord sa pagsupil sa demokratikong karapatan, mithiin at rebolusyonaryong pakikibaka ng mamamayan | Kinikilala, minamahal at mahigpit na nakaugnay sa mamamayan - laging nagsisikap na mahigpit na tumalima sa prinsipyo ng paglilingkod sa sambayanan at sa linyang masa |
| **Tungkulin** | Panatilihin ang bulok na sistemang malakolonyal at malapyudal sa pamamagitan ng marahas na kontra-rebolusyonaryong digma laban sa mamamayan | Durugin ang reaksyunaryong estado at palitan ang bulok na sistema ng isang sosyalistang sistema sa pamamagitan ng demokratikong rebolusyong bayan at ng kasunod na sosyalistang rebolusyon |
| **Pinagsisilbihan** | Mga naghaharing uri - Imperyalista, komprador burgesya, panginoong maylupa at burukrata kapitalista | Mga uring pinagsasamantalahan at inaapi - magsasaka, manggagawa at iba pang uri at sektor |
| **Motibasyon** | Pera, promosyon at mga pabuya | Taos-pusong paglilingkod upang makamit ang tunay na pambansang kalayaan at demokrasya ng sambayanan |
| **Disiplina** | Bulag ang pagsunod sa mga utos, kapritso at ganid na interes ng mga upisyal at kanilang among naghaharing uri at imperyalista | Mulat na disiplinang bakal na ginagabayan ng MLM (Marxismo-Leninismo-Maoismo); may demokrasya sa tatlong larangan - sa pulitika, ekonomya at militar; prinsipyong pang-organisasyon - demokratiko sentralismo |

malinaw na pinatunayan nito ang pagtataguyod sa interes ng mamamayan, pangunahin ang masang magsasaka. Kung kaya't anupaman ang gawing karahasan, panlilinlang, panggagaya at paninira ng militar sa BHB, kahit pa mayroon silang sandamakmak na mga abanteng kagamitang militar mula sa kanilang among imperyalista, hindi nila kayang talunin at durugin ang BHB at buong rebolusyonaryong kilusan.

Alinsunod sa mga internasyunal na makataong batas na mahigpit na sinusunod ng BHB, tinitiyak ang makataong pagtrato sa mga nabibihag (POW) na mga pwersa ng kaaway sa loob at labas ng mga labanan. Mahigpit na tinatanganan ang nakalahad sa 3-8 na disiplina ng BHB na huwag pagmalupitan ang mga bihag ng digmaan o POW *(prisoner of war)*. Ginagamot ang mga sugatang kaaway kahit sa panahon ng labanan kung ipinapahintulot ng kalagayan. Ang mga POW ay binibigyan rin ng mga pag-aaral upang maipaunawa sa kanila ang dahilan kung



*PAGGAMOT NG MEDIC NA NPA SA SUGATANG SUNDALO SA ISANG LABANAN*



*mga bihag (POW ) na police sa reyd ng police station sa Alegria, Surigao del Norte noong 2014*



Chief Inspector Arnold Ongachen - taga Natonin, Mountain Province. Naging bihag (POW) sa isinagawang reyd ng NPA sa Governor Generoso Municipal Police station, Davao Oriental. Narelease noong Aug 26, 2016 kasama ang isap pang POW na si PO1 Michael Grande



**PO1 Michael Grande**
Banaybanay Municipal Police Station
Davao Oriental

bakit may digmang bayan. Kaya kapag napalaya na sila at naibalik sa kanilang mga pamilya, sila na mismo ang naglalahad sa naging mahusay na pagtrato sa kanila ng BHB.

## Lt. Crispin "Ka Cely" Tagamolila – rebolusyonaryong bayani mula sa hanay ng mga namulat na militar

Kaiba sa karaniwang tinungo ng mga sundalo mula PMA na naging tiwali at pasistang kumander ng reaksyunaryong armadong pwersa, pinili ni Lt. Crispin "Ka Cely" Tagamolila na pumanig sa rebolusyonaryong kilusan ng mamamayan at maging kasapi ng BHB.

Ang pagkamulat at pagsampa ni Ka Cely sa BHB ay bunga ng lumalalang krisis ng nabubulok na malakolonyal at malapyudal na sistema. Sa loob ng pag-aaral hanggang maging tagapagsanay ng PMA, nakita niya ang katiwalian at kalupitan ng pagsasanay sa mga kadete upang maging mga walang-awang sundalong bayaran. Gayundin na nasaksihan niya ang matinding kahirapan ng mamamayan habang nagpapakabusog ang mga opisyal ng gubyerno at pamunuan ng reaksyunaryong armado. Dahil dito ay sumampa siya sa BHB noong 1971.

Sa loob ng BHB, buong-pusong naghubog sa sarili si Ka Cely upang iwaksi ang mga tindig at pagtinging naimarka sa kanya habang nasa PMA.

Kinilala at minahal siya ng masa at mga kasama bilang masiglang propagandista at organisador, matiyagang tagapagturo ng literasiya at matapang na mandirigma't kumander. Walang pag-iimbot na inialay ang kanyang kakayahan sa pagsisilbi sa mamamayan. Hanggang sa huling hininga niya nang matamaan ng bala sa isang labanan sa Echague, Isabela sa edad na 27 noong Abril 16, 1972 – isinigaw niya ang kanyang rebolusyonaryong paninindigan. "Mga kasama, makibaka hanggang sa tagumpay!"



Bilang parangal, ipinangalan sa kanya ang kumand ng BHB sa buong Hilagang Luzon – ang Lt. Crispin Tagamolila Command (LCMC).

## Ibaling ang armas kontra sa naghaharing uri, hindi sa mamamayan

Walang dangal ang pagsisilbi at pagtatanggol sa estado ng mga sakim at ganid na naghaharing uri na nagsasamantala, nang-aapi at naniniil sa mamamayan. Sa kasalukuyang paghahari ng rehimeng US-Duterte kung saan lalo pang tumitindi ang krisis pang-ekonomiya at pampulitika sa bansa at sa buong daigdig, mas bumabangis ang estado. Sa mga pahayag na "kill, kill, kill," "patagin ang mga bundok," "bombahin ang mga Lumad schools," "barilin sa ari ang mga babaing NPA," at iba pa, wala siyang pakundangang nagmamando sa AFP-PNP-CAFGU na pumatay at mandahas sa mamamayan. Isinusuka na ng mamamayan ang matinding karahasan, pagpapakatuta at kainutilan nito. Kung kaya't upang makapanatili





Mga pekeng pinasuko ng AFP



Cindy Tirado, 28, pinagsuspetsahang NPA, napatay sa operasyon at binaril sa kanyang ari.




Datu Kaylo Bontulan, 40, Lumad leader, napatay dahil sa pambobomba sa komunidad ng mga Lumad sa Kitaotao, Bukidnon

sa poder, mas lalo pa nitong palalakihin at todong popondohan ang parasitikong armadong pwersa, kapalit ng higit na pagpapabaya sa interes at kapakanan ng mamamayan.

Sa mga kapatid at kababayang nasa serbisyo ng militar, pulis at paramilitar, suriin ang pinanggalingang uri at ang inyong kasalukuyang pinagsisilbihan. Pumanig kayo sa mga pinagsasamantalahan at inaapi. Pag-isipang mabuti kung bakit iniuutos sa inyo na itutok ang mga baril sa mga magsasaka, manggagawa at iba pang mamamayan na lumalaban sa pang-aagaw ng lupa, pagtatayo ng mga mapanirang proyekto, mababang presyo ng produktong magsasaka, mataas na interes sa pautang, mababang sahod, kawalan ng kasiguraduhan sa trabaho, kawalan ng sapat na pabahay at serbisyong publiko, pagtaas ng presyo ng mga bilihin at iba pang pangangailangan, at mga panggigipit sa panahon ng pandemya. Sila ang mga mamamayang bumubuhay sa lipunan subalit matagal nang nagtitiis sa matinding gutom, kahirapan at iba pang pasakit. Bakit sa tuwing may paglaban ang mamamayan ay agad na kayo ang inuutusan ng inyong mga opisyal na mandahas o manakot sa inyong mga kababayan, kapatid at katribu? Tuklasin ang mga katotohanan sa likod ng mga mapanlinlang na pag-aaral na itinuturo sa inyo. Gawing inspirasyon ang buhay ni Lt. Crispin Tagamolila at ibaling ang armas kontra sa totoong terorista - ang inyong pinagsisilbihang reaksyunaryong sistema na pinamumunuan ng isang lantarang pasistang *commander-in-chief* na tulad ni Duterte.

Ang tunay na terorismo ay ang marahas na paghahari ng imperyalismong US at ng mga tuta nito sa Pilipinas – ang mga naghaharing uri na kinakatawan ngayon ni Rodrigo Duterte. Si Duterte ang pangunahing *warlord* at *druglord* sa Pilipinas sa kasalukuyan. Maliwanag rin ang kanyang pagtatraydor sa pambansang soberanya sa pagbebenta ng mga bahagi ng West Philippine Sea sa China. Siya at ang kanyang mga kakutsaba ay mga kurakot at magnanakaw sa kaban ng bayan. Siya at mga utak-pulburang heneral na nasa

*. . sa mga kapatid at kababayang nasa serbisyo ng militar, pulis at paramilitar, suriin ang pinanggalingang uri at ang inyong kasalukuyang pinagsisilbihan. Pumanig kayo sa mga pinagsasamantalahan at inaapi.*

kanyang gabinete ang nag-uutos at nagpapasubo sa inyo sa panganib at kamatayan habang sila ay nagpapakabundat sa dugo at pawis ng karamihang mamamayan na naghihirap.

Sa mga sundalo, pulis at CAFGU na may pinanghahawakang diwang makabayan, makatao at totoong nagmamahal sa bayan, hinihikayat namin kayong pumanig sa mamamayan at kumalas sa kalupitan ng reaksyonaryong armadong pwersang inyong kinabibilangan. Maging bukas ang isip na makipag-aralan sa mga rebolusyonaryong pwersa kahit sa mga pinagmulan ninyong mga baryo, pamilya at mga kaibigan. Sa *internet*, bukas ang mga *website* at *social media accounts* ng mga rebolusyonaryong organisasyon upang maging sanggunian at pagbabasahan ng mga tamang impormasyon hinggil sa rebolusyon at mga tunay na pangyayari. Maging mapagmatyag at suriin kung ano ang *fake news* at ano ang katotohanan. Kung hindi pa kayang umalis sa serbisyo, sikaping hindi makagawa ng atraso o krimen laban sa mamamayan at rebolusyon. Sa iba't ibang pamamaraan, maaari kayong makipagtulungan sa rebolusyonaryong kilusan.

Napatunayan na sa kasaysayan ng mga nagwaging armadong rebolusyon at sa deka-dekadang kasalukuyang armadong rebolusyon na isinusulong sa Pilipinas na hangga't nananatili ang pagsasamantala't pang-aapi ay hindi titigil ang mamamayan sa pakikibaka upang makamit natin ang isang tunay na malaya at demokratikong lipunan at sosyalistang kinabukasan.

